DISCOVER. UNDERSTAND. APPLY

# Bible Study: I Corinto 10:1-13

SMALL GROUP SESSION

August 01, 2021



KAMUNING BIBLE CHRISTIAN FELLOWSHIP



KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

# I Corinto 10:1-13

MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

**Discovery**
Questions

**Understanding**
Questions

**Application**
Questions

# I Corinto 10:1-13

## NIV

1 Mga kapatid, nais kong malaman
ninyo ang nangyari sa ating mga
ninuno noong panahon ni Moises.
Silang lahat ay naliliman ng ulap sa
kanilang paglalakbay at sa
pagtawid sa Dagat na Pula. 2 Sa
gayon, nabautismuhan silang lahat
sa ulap at sa dagat bilang mga
tagasunod ni Moises.



# I Corinto 10:1-13

**NIV**

3 Kumain silang lahat ng iisang
pagkaing espirituwal, 4 at uminom
din ng iisang inuming espirituwal,
sapagkat uminom sila sa batong
espirituwal na sumubaybay sa
kanila, at ang batong iyon ay si
Cristo. 5 Gayunman, hindi
kinalugdan ng Diyos ang marami sa
kanila, kaya't nagkalat ang
kanilang mga bangkay sa ilang.



# I Corinto 10:1-13

**NIV**

6 Ang lahat ng mga nangyaring iyon
ay babala sa atin upang huwag
tayong maghangad ng
masasamang bagay, gaya ng
ginawa nila. 7 Huwag kayong
sasamba sa mga diyus-diyosan,
gaya ng ginawa ng ilan sa kanila.
Ayon sa nasusulat, "Umupo ang
mga tao upang magkainan at
mag-inuman, at tumayo upang
magsayaw."



# I Corinto 10:1-13

## NIV

8 Huwag tayong makikiapid, gaya
ng ginawa ng ilan sa kanila, kaya't
dalawampu't tatlong libong tao
ang namatay sa loob lamang ng
isang araw. 9 Huwag nating
susubukin si Cristo, gaya ng ginawa
ng ilan sa kanila; dahil sa ginawa
nila, pinuksa sila ng mga ahas. 10
Huwag din tayong magreklamo,
tulad ng ilan sa kanila, kaya't nilipol
naman sila ng anghel na
namumuksa.



# I Corinto 10:1-13

## NIV

11 Nangyari iyon sa kanila bilang
babala sa iba, at isinulat upang
tayo namang nabubuhay ngayong
mga huling araw ay maturuan.

12 Kaya't mag-ingat ang sinumang
nag-aakalang siya'y nakatayo, at
baka siya mabuwal.



# I Corinto 10:1-13

**NIV**

13 Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

"Bilang isang mananampalataya, isasa-alang-alang ko ang mga aral sa aking nakaraan at sa mga halimbawa sa Biblia upang makaiwas na madapa at upang maging matibay kapag dumating ang pagsubok."



I CORINTO 10:1-13

# Pagtutuklas na Tanong

## #1

Ano ang nangyari sa mga ninuno ng mga Israelita na ipinaalaala ni Pablo sa mga mananampalataya sa I Corinto 10:1–5?



I CORINTO 10:1-13

# Pagtutuklas na Tanong

#2

Anong mga babala ang ibinibigay sa mga mananampalataya na dapat  nilang matutunan at isakatuparan?(v. 6,7,8,9 & 10) Bakit isinulat ang mga halimbawang ito?

I CORINTO 10:1-13

# Pagtutuklas na Tanong

#3

Ano ang babala ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto tungkol sa pagsubok o tentasyon (v.11-13)





I CORINTO 10:1-13

# Pag-uunawang Tanong

## #1

Anong mga pangyayari o kaganapan sa Lumang Tipan ang naganap na binanggit ni Apostol Pablo, ang lumikha ng aklat sa mga taga-Corinto, sa mga talatang 1-4? (Cross Ref. Exodus 13:17 -14:31.



I CORINTO 10:1-13

# Pag-uunawang Tanong

#2

Paanong ang mga aral na ito sa nakaraan (Pagtuklas Q: #2) ay maiuugnay sa kasalukuyan? Magbanggit ng mga halimbawang makakapantay o maihahantulad sa kasalukuyan.



I CORINTO 10:1-13

# Pag-uunawang Tanong

#3

Anong buong impresyon ang ibinibigay ng talatang ito na nagsasabi ng tungkol sa kung sino ang Diyos at yung Kanyang mga pangako?




I CORINTO 10:1-13

# Aplikasyon

## #1

Paano tayo makakaiwas na mabullid o magkasala at di magaya o matulad na katulad ng ating mga ninuno?




I CORINTO 10:1-13

# Aplikasyon

## #2

Paano tayo, bilang isang komunidad ng mga mananampalataya, makapagtutulungan upang maiwasan ang mga pagkakamali sa nakaraan?




I CORINTO 10:1-13

# Aplikasyon

## #3

Magbahagi ng isang karanasan mo kung saan mo naranasan ang katapatan ng Panginoon sa iyo sa gitna ng isang pagsubok o kahirapan at ng kalakasang ibinigay Niya upang mapagtagumpayan ang pagsubok na ito.

# I Corinto 10:1-13

TAKE-HOME PRINCIPLE

**Discovery**
Questions

**Understanding**
Questions

**Application**
Questions

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*"Bilang isang mananampalataya, isasa-alang-alang ko ang mga aral sa aking nakaraan at sa mga halimbawa sa Biblia upang makaiwas na madapa at upang maging matibay kapag dumating ang pagsubok."*




SMALL GROUP SESSION

# Panalanging Pangwakas

DISCOVER. UNDERSTAND. APPLY

# Bible Study:
# I Corinto 10:1-13

## SMALL GROUP SESSION

**See you next week!**

KAMUNING BIBLE CHRISTIAN FELLOWSHIP



KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

## REFERENCES


1. *The Devotional Study Bible (NIV)*
2. *Global Study Bible (ESV)*
3. *Life Application Study Bible (NLT)*
4. *NIV Serendipity Bible for Study Groups*
5. *The Open Bible Expanded Edition (NKJV)*
6. *Magandang Balita: Biblia (Tagalog Popular Version)*
7. *Vine's Complete Expository Dictionary of Old and New Testament Words*